# Mga Makatarungang Pangyayari Bilang Ganap na Pananggol sa Kriminal na Pag-uusig

*Lorenzo U. Padilla*

*50 ATENEO L.J. 915 (2006)*

*SUBJECT(S):* *CRIMINAL LAW*
*KEYWORD(S):* *JUSTIFYING CIRCUMSTANCES*

Tinatalakay ng Sanaysay na ito ang mga makatarungang pangyayari sa ilalim ng binagong Kodigo Penal, lalo na sa ilalim ng Artikulo 11. Nais ipahatid ng Manunulat ang mga elemento kung saan nagiging makatarungan ang paganap ng krimen.

Una dito ang pagtatanggol sa sarili kung saan may dalawang sangkap, ang paglabag sa batas na pananalakay, ang makatwirang pangangailangan sa paraang ginamit upang mahadlangan o maitaboy ito, at kakulangan ng sapat na pang-uudyok mula sa panig ng nagtatanggol. Ikalawa ang pagtatanggol sa kamag-anak. Nasa ilalim ng bagong Kodigo Penal ang listahan ng mga kamag-anak na maaaring ipagtanggol sa ilalim ng Artikulo 11, Talataan 2. Ikatlo ang pagtatanggol sa ibang tao o sa kapwa. Upang mapatunayan ito, kinakailangan maipakita ng nasasakdal ang pagkakaroon ng isang labag sa batas na pananalakay mula sa panig ng biktima, ang makatwirang pangangailangan sa paraang ginamit upang hadlangan o itaboy ito, at ang kawalan ng bahid na kumilos ang nasasakdal sa udyok ng paghihiganti, paghihinanakit, o iba pang masamang sanhi. Ikaapat ang pag-iwas sa higit na malaking kapahamakan o kapinsalaan. Upang ito ay mapatunayan, kinakailangan na tunay na umiiral ang kasamaang nilalayong iwasan, na nakahihigit ang kapinsalang kinatatakutan kaysa sa ginawa upang maiwasan ito, at na wala nang ibang higit na maisasagawa at di-gaanong nakakapinsalang paraan upang mahadlangan ito. Ikalima ang pagtupad sa tungkulin o naayon sa batas na pagganap sa karapatan or katungkulan. Upang maisaalang-alang ang makatarungang pangyayari na ito, dapat mailahad ng katibayan na kumilos ang nasasakdal nang naayon sa batas na pagganap sa isang karapatan o pagtupad ng isang tungkulin at na isang di-maiiwasang kinahinatnan ng naangkop na pagganap sa karapatan o pagtupad ng tungkulin ang nagawang pinsala o paglabag. Ikaanim ang pagsunod s autos na pinalabas sa layuning naayon sa batas. Upang ito aty mapatunayan, kinakailangan na may utos na pinalabas ang isang nakatataas sa tungkulin, na para sa layuning naayon sa batas ang utos, at na naayon din sa batas ang paraang ginamit ng tagasunod upang gampanan o tuparin ang utos.

Paniniwala ng Manunulat na di lamang ang mga pangyayaring nakailalim sa Artikulo 11 ang masasabing makatarungan. Malawak pa ang larangan ng

mga kaisipang maaaring galugarin sa paghahanap ng ganap na pananggol laban sa mga kriminal na pag-uusig.